

Tungkol sa Medikal na Pagsusuri sa Paaralan para sa 2021 School Year

令和3年度就学時健康診断について

Ang mga pagsusuri sa kalusugan ay isinasagawa para sa mga batang bagong enroll sa elementarya sa lungsod para sa taong 2022.



Pakay

Ang mga bata na papasok sa elementarya sa susunod na taon ng paaralan (ipinanganak sa pagitan ng April 2, 2015 hanggang April 1, 2016)

Abiso para sa mga Magulang

Ang mga abiso ay ipapadala sa pamamagitan ng post mail sa unang bahagi ng Oktubre (pagkalipas ng ika-5 ng Oktubre) o sa pamamagitan ng mga contact na bata sa inyong distrito ng paaralan. Kung hindi ito natanggap pagkalipas ng ika-12 ng Oktubre, mangyaring makipag-ugnayan sa Health and School Meal Division (Hoken Kyushoku Ka).

Petsa ng Pagpapatupad

Ang bawat paaralan ay nagpapasya sa petsa at oras ng pagpapatupad sa pagkonsulta sa doktor ng paaralan. (Mula kalagitnaan ng Oktubre hanggang unang bahagi ng Nobyembre)

Ang petsa ng pagpapatupad at simula ng oras ay nag-iiba depende sa paaralan, mangyaring tingnan ang listahan ng schedule at ang guidance notice para sa mga magulang.

Gayundin, sa kaso ng emergency tulad ng bagyo, mangyaring makipag-ugnayan sa bawat paaralan.

※ Ito rin ay ilalathala sa pamamagitan ng homepage ng Toyohashi city Health and School Meal Division (Hoken Kyushoku Ka).

Lugar ng Pagpapatupad

Itinalagang elementary school (elementarya sa distrito kung saan nakarehistro ang address ng bata simula Oktubre 1)

※Ang lugar kung saan ipapatupad ay malinaw na nakasaad sa guidance notice.

※Bilang isang patakarán, hindi posible na baguhin ang lugar ng medikal na pagsusuri. Mangyaring magpasuri sa itinalagang elementary school.

Gayunpaman, para sa mga nasa loob ng mga kondisyon sa ibaba at nagsumite ng "Change of the Examination Site Request Form" bago ang deadline ng aplikasyon ay pinahihintulutan na baguhin ang lugar ng pagsusuri bilang exception.

① Kung may planong lumipat at kumpirmado na ang address lot no. at room no.

② Kung may planong mag-aplay upang mag-aral sa paaralan sa labas ng distrito.

※Ang mga nag-apply para sa pagpasok sa paaralan sa labas ng distrito (School Selection System) hanggang September 24 Friday, ay hindi kailangang magsumite ng "Change of the Examination Site Request Form" dahil ang napiling paaralan ang itatalaga.

③ Kung may planong mag-aral sa Special School (TOKUNINKOU- paaralan na may mga espesyal na katangian na maaaring pasukan ng mga mag-aaral mula sa anumang kalapit na kabahayan; limitado sa GEJYOU, SUSE at KAMO elementary school.) at natapos ang pagbisita sa paaralan hanggang September 29 (Weds.).

Tungkol sa "Change of the Examination Site Request Form"

Lugar ng pamamahagi ng form at aplikasyon: Sa lahat ng mga elementary school sa Toyohashi o sa Health and School Meal Division (Hoken Kyushoku Ka). (Toyohashi City Hall East Building 11th floor)

Deadline ng aplikasyon: September 29, 2021 (Weds.)

Aplikante: Magulang/tagapag-alaga (o residente ng parehong tirahan na katumbas ng guardian)

Kinakailangan na dokumento: Walang dokumentong kailangan.

※Kung may planong lumipat, mayroong patlang para sa pagsulat ng bagong address. Kung kaya hinihiling po namin na maghanda po lamang.

Karagdagan: Hindi po maaaring mag-apply sa pamamagitan ng telepono.

Tanging ang lugar ang maaaring mabago. Hindi ito isang dokumento na nagpapahintulot na mag-enrol sa isang paaralan sa labas ng distrito. Mangyaring gawin at kumpletuhin nang magkahiwalay ang ibang mga kailangang pamamaraan para sa proseso.